

Pelvic inflammatory disease

Kilala rin bilang PID

Ang Pelvic inflammatory disease (PID) ay pamamaga o impeksyon ng reproductive system sa pelvis. Ang PID ay maaaring dulot ng mga STI tulad ng chlamydia, gonorrhea, at mycoplasma genitalium. Naaapektuhan lamang ng PID ang mga babae.

MGA MABILISANG KAALAMAN

- Chlamydia at gonorrhea ang pinakakaraniwang sanhi ng PID
- Pangkaraniwan ang PID at madalas na walang sintomas
- Maaaring makatulong na maiwasan ang PID sa pamamagitan ng paggamit ng mga condom sa sinumang bagong kapareha at regular na pagpapasuri sa STI
- Kapag hindi ipinagamot, maaaring magalusan ng PID ang mga fallopian tube at magdudulot ng pagkabaog
- Bihira ang PID sa mga taong hindi aktibo sa pakikipagtalik, walang buwanang dalaw o walang uterus o mga ovary

Ano ito? (What is this?)

Ang PID ay isang impeksyon o pamamaga ng mga organ sa pelvis, kabilang ang uterus at mga fallopian tube.

Paano ka magkakaroon nito? (How do you get it?)

Ang PID ay karaniwang dulot ng mga impeksyon sa bacteria tulad ng chlamydia, gonorrhea, at mycoplasma genitalium.

Paminsan-minsan, nagkakaroon ng PID pagkatapos ng pag-oopera sa pelvis tulad ng pagpapalaglag ng ipinagbubuntis.

Ano ang mga sintomas? (What are the symptoms?)

Maraming tao ang walang anumang palatandaan o sintomas.

Iyong mga may sintomas ay maaaring makaranas ng:

- hindi pangkaraniwang lumalabas sa ari
- hindi pangkaraniwang pagdudugo
- pananakit ng pelvis o puson
- pananakit habang nakikipagtalik
- mas malalang pananakit kapag may buwanang dalaw

Paano ka masusuri para dito? (How do you test for it?)

Natutukoy ang PID ng isang propesyonal sa kalusugan gamit ang:

- tala ng mga sintomas mo
- pagsisiyasat
- mga pagsusuri

Maaaring kabilang sa mga pagsusuri ang pagsusuri sa STI, pagbubukod ng pagbubuntis at minsan ay ultrasound.

Paano ito ginagamot? (How is it treated?)

Ginagamot ang PID gamit ang kombinasyon ng mga antibiotic sa loob ng maraming linggo.

Kung natukoy na may PID ang iyong kapareha, dapat kang magpasuri para sa mga STI kabilang ang chlamydia, gonorrhea, at mycoplasma genitalium.



Alamin pa ang tungkol sa chlamydia, gonorrhea, at mycoplasma genitalium sa **StaySTIFree** (staystifree.org.au)

Mayroon ba itong anumang komplikasyon kapag hindi nagamot? (Are there any complications if not treated?)

Ang hindi ipinagamot na PID ay maaaring magdulot ng hindi gumagaling na pananakit ng pelvis at makakasira sa mga fallopian tube na nagdulot ng pagiging mahirap na magbuntis o ectopic na pagbubuntis.

Ipinapakita sa mga pag-aaral na pagkatapos ng isang beses na pagkakaroon ng PID, maaaring bumaba ang iyong pagkakataong magkaroon ng matagumpay na pagbubuntis nang halos 10%. Pagkatapos ng dalawa o tatlong beses, tatas ang porsyentong ito nang hanggang 50%.

Paano ko poprotektahan ang aking sarili? (How can I protect myself?)

Ang pinakamagnandang paraan para protektahan ang iyong sarili mula sa PID ay:

- gumamit ng condom o dam kapag nakikipagtalik sa mga bagong kapareha
- regular na magpasuri ng sekswal na kalusugan

Saan ako makakakuha ng tulong? (Where can I get help?)

- Bumisita sa isang serbisyo sa sekswal na kalusugan na malapit sa iyo
- Bumisita sa iyong lokal na doktor
- Bumisita sa lokal na sentrong pangkalusugan sa iyong komunidad

Maghanap ng mga serbisyo sa sekswal na kalusugan sa **StaySTIFree** (staystifree.org.au)

PAGTANGGI (DISCLAIMER)

Ibinibigay ng fact sheet na ito ang pangkalahatang impormasyon tungkol sa sekswal na kalusugan at hindi inilaan para palitan ang pangangailangang kumonsulta sa iyong doktor.

Kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa iyong kalusugan, dapat kang humingi ng payo sa iyong doktor.

Kung kailangan mo ng kagyat na pangangalaga, dapat kang pumunta sa pinakamalapit na Kagawaran sa Emerhensiya o tumawag sa 000.